Republika ng Pilipinas)
) s.s.

SINUMPAANG SALAYSAY
(AFFIDAVIT)

Alam ko po, na sa aking pag-lalahad ng katotohanan, marami po akong masasagasaan, maraming magagalit at sasama ang loob at maraming madadamay. ***THE TRUTH HURTS...BUT THE TRUTH WILL SET YOU FREE.*** *Kaya hindi po nawawala sa aking isipan at pangangamba na gaganti sila sa akin o sa aking pamilya, mga kaibigan at tauhan. Maaari na mag-utos sila ng ibang tao o tauhan nila na gumawa ng masama sa amin o pwede rin na ang mga kaalyado nila ang gumanti sa amin para sa kanila. Kaya taimtim po ako na humihingi ng inyong mga panalangin, na sa kabila ng takot at panganib, ay maihayag ko ng buo at malinaw ang buong katotohanan.*

Ako si, **JANET L. NAPOLES**, matapos ang ilang buwang taimtim na pananalangin at pagninilay, at sa gabay ng mga alagad ng Diyos na walang sawang bumisita sa akin halos araw-araw sa Santa Rosa hanggang dito sa Ospital ng Makati, na nagpalakas ng loob ko, ay nais nang magsabi ng aking nalalaman tungkol sa mga transakyon sa paggamit ng PORK BARREL (hal. PDAF, Malampaya Fund, atbp.). Upang bigyang linaw ang kontrobersiyang ito, ako ay nagsasaad ng mga sumusunod:

ANG KATOTOHANAN

1. Ako ay nagbuhat sa isang simpleng pamilya. High School lamang ang narating ko, ngunit hindi ito naging hadlang sa aking pangarap. Bata pa lamang ako ay natuto na akong maghanap buhay. Sa biyaya ng Diyos, sa aking tiyaga, sipag at pawis, at sa tulong ng mga taong nakilala ko, ito ay aking napalago hanggang sa aking narating ngayon. .

2. Yamang ako ay nabiyayaan ng Diyos, naging hangad ko na ring makatulong sa kapwa. Kaya ako ay nagsumikap, hindi lamang para sa aking sariling kapakanan kundi upang magkaroon ng kakayahan na makapagbigay at makatulong din sa nangangailangan.

3. Nakagawian ko ang tumulong sa kapwa at sa simbahan, gaya ng habilin ng aking yumaong ina. Dahil aking naranasan na habang ako ay walang sawang tumutulong, dumarating din naman ang biyaya ng Diyos sa akin.

4. Subalit ako ay naging biktima ng isang maling sistema sa ating lipunan na akala ko noon ay normal at tama at naayon sa batas, dahil ito ay naging kalakaran na sa mahabang panahon. Hindi ko ninais na lumabag sa ano mang batas subali't upang makapagnegosyo sa gobyerno ang tanging paraan lamang ay sumunod sa nakasanayang kalakaran. Dahil dito sumunod ako sa kaugaliang magbigay ng incentive sa mga taong nakakatulong sa akin, pati na sa mga transakyon sa negosyo. Sumunod ako sa pagbibigay ng "SOP, REBATE o COMMISSION" sa mga ahensya ng gobyerno, mambabatas at kanilang mga ahente.

5. Wala akong hangaring lumabag sa batas. Ang akala ko po, ang lahat ng aking ginagawa ay naaayon sa batas sapagkat ang mga kausap ko ay mga mambabatas, kanilang mga kinatawan at matataas na opisyal ng ating bansa at marami rin naman ang gumagawa ng ganitong transaksyon. Sa katunayan nito, ayon sa Special Audit Report ng COA tungkol sa pagamit PDAF allocations ng mga napiling implementing agencies sa taong 2007 hanggang 2009, 82 na NGO's ang may anomalya, at 8 lamang dito ang inuugnay sa akin. Mahigit pa sa 70 ang mga NGO's na nabanggit dito ang walang kaugnayan sa akin.

6. Ang aking munting kaalaman o kamangmangan sa batas ang naging sanhi upang ako ay madaling nahikayat na maging isa sa mga tulay ng mga mambabatas at opisyal ng pamahalaan sa paggamit ng pondo ng kanilang mga pork barrel. Subali't alam kong hindi ito maaring gamiting katwiran.

7. Kaya nais ko pong ipaalam sa lahat ang aking pagsisisi at paghingi ng tawad – una sa Diyos at pangalawa sa sambayanang Pilipino na naapektuhan nito. Hindi ko rin akalain na ako ay halos itakwil o itatwa ng mga matataas na opisyal ng pamahalaan na gumamit sa akin at ang ilan sa kanila ay ipinagkaila na kilala ako.

8. Masakit po sa aking damdamin na ako ay pinaparatangan na **"PORK BARREL QUEEN AT MASTERMIND", "MOST GUILTY", "SENTRO NG KONTROBERSIYA" AT "ARKITEKTO NG PDAF SCAM"**.

Ang layunin po ng mga paratang na ito ay upang lituhin ang publiko, at limitahan ang sakop ng kontrobersiya at maituon sa akin ang galit ng taong bayan, para matapos ang usaping ito sa akin at gawin akong **"SCAPEGOAT"** ng mga nasasangkot dito. Hindi ito ang katotohanan dahil maliit lamang akong bahagi ng sistemang ito. Patuloy na iiral pa rin ang maling paggamit ng pork barrel kapag hindi maibubunyag ang buong katotohanan upang maiwasto ang sistemang ito. At hangad ko ang makatulong upang matupad ito.

9. **HINDI PO AKO ANG "MASTERMIND" NG PORK BARREL**, sapagkat hindi ako ang nagpasimula nito at matagal na ang ganitong kalakaran o sistema. Sa katunayan, paiba-iba lang ang pangalan ng Pork Barrel. Ito pala ay tinawag na **CDF** - Countrywide Development Fund noong 1990's at naging **PDAF** - Priority Development Assistance Fund noong 2000's. Ito ay naaayon sa batas at noong Nobyembre 2013 lang idineklarang **UNCONSTITUTIONAL**. Wala din akong kakayahang diktahan, utusan at kontrolin ang mga mambabatas at mga opisyal ng implementing agencies at wala din akong kinalaman sa pagre-release ng pondo sa DBM. Sumunod lang din ako sa mga alituntunin, pamamaraan at patakaran ng mga ahensya ng gobyerno. Higit sa lahat ang mga mambabatas ang may hawak ng kanilang pondo at ang mga Implementing Agencies ang nagpoprocesso ng mga papeles at nagiinspeksyon bago mabayaran ang lahat ng transakyon.

10. **HINDI PO AKO ANG MOST GUILTY**, sapagkat hindi po ako isang elected, o appointed official, o empleyado ng pamahalaan na may mas mataas na katungkulan at responsibilidad na pangalagaan ang pondo ng bayan. Sa katunayan po ang mga mambabatas mismo o ang kanilang mga katiwalang ahente ang lumalapit sa akin tungkol sa paggamit ng kanilang pondo para sa mga proyekto. Sila din ang nagsasabi kung magkano ang kanilang rebate, at kung hindi kami magkasundo marami silang napapasahan ng pondo at proyekto maliban sa akin.

11. Ang mga taga gobyerno na aking nakatransakyon ay nakilala ko sa pamamagitan ng mga taong lumapit sa akin para iaalok ang mga proyekto ng mga mambabatas. Ang katotohanan, ang mga ahente ng mga mambabatas ang mas may alam ng mga kalakaran, legal o hindi, sa gobyerno dahil sa kanilang posisyon sa gobyerno o koneksyon nila sa pamilya o kaibigan. May mga taong malaki ang naging impluwensya sa paglawak ng aking kaalaman at transakyon sa gobyerno. Kay dating Cong. Butch Abad ko nalaman na NGO o Cooperative ang

kailangan upang makapagnegosyo sa mga ahensya. Si **Ruth 'Allen' Ruste** ang tumulong sa yumao kong katiwala na si Niel Tan sa Congresso, at si **Catherine Mae 'Maya' Santos** naman ang nagturo at gumabay sa akin sa mga transaksyon sa Department of Agriculture at Senado. Naging malaking tulong ang kanilang naging mga position sa gobyerno. Si Allen ay naging Staff ni dating Congresswoman Maria Clara Lobregat, at naging Chief of Staff nila Congressman Erico Fabian (at ng kasalukuyang Congresswoman Lilia Macrohon Nuño) ng Zamboanga City. Si Maya Santos naman ay naging Staff ng dating Pangulong Gloria M. Arroyo noong siya ay Senador pa lamang, hanggang sa kanyang pagiging Bise Presidente at ng ito'y maging Presidente. Siya'y nagtrabaho din sa Office of the President at na-appoint na Assistant Secretary at Under Secretary ng Department of Agriculture.

12. Halos lahat ng transakyon sa pagamit ng PDAF ng mga mambabatas ay may delivery at ito ay naimplement sa pagkakaalam ko. Nagpapadala ng inspection team ang mga implementing agencies at ang mga mambabatas naman ay may mga coordinators na sumasama sa mga deliveries, at kinakailangan na mayroong **VALIDATION ang Technical Working Group** bilang patunay na mayroong delivery at may mga tumanggap nito bago kami mabayaran. Bilang isang negosyante aking pinagsikapan na sumunod sa lahat ng patakaran at alituntunin ng mga ahensya. Ito ay lingid sa kaalaman ng marami, marahil dahil na rin sa maling impormasyon, hindi po totoo na ghost deliveries ang lahat ng mga proyekto ng PDAF.

13. Ilan lang ang walang delivery katulad ng transaksyon na ginamit ang pondo para sa eleksyon. Hindi nakapagdeliver dahil kinuha ni Ruby Tuazon ang perang nakalaan sana sa delivery ng mga produkto. Sa bandang huli ay napag-alaman ko na galing pala sa Malampaya Fund ang pondo na iyon. Nabanggit ko ito sa nauna kong affidavit noong May 12, 2014.

14. Ngayon sa pagkakataon na may imbestigasyon tungkol sa usaping ito, at nasasaksihan ng buong bayan, sa wari ko ito na ang tamang panahon para baguhin ang maling kalakaran tungo sa "**Tuwid na Daan**". Bilang patunay ng aking tapat at taos pusong pagsisisi, nakahanda akong maging saksi at ilahad ang aking mga nalalaman sa anumang imbestigasyon upang sabihin ang pangalan ng mga opisyal ng pamahalaan na naging bahagi ng aking mga pork barrel transaksyon.

15. Sa abot ng aking naaalaala, sa kasalukuyan kong kalagayan dito sa Ospital ng Makati, ang mga sumusunod na mga **senador, kongresista, at kanilang mga agents at ang mga opisyales o kawani ng Implementing Agencies** ng pamahalaan na nagkaroon ng kaugnayan sa akin at tumanggap ng bahagi ng mga pork barrel:

1.	**BIAZON, RODOLFO**	**BERNARD**
2.	**BARBERS, ROBERT**	**ROSE PALACIO**
3.	**ENRILE, JUAN PONCE**	**Doña Señora RUBY CHAN TUAZON, LUCILA "GIGI" REYES, TET DE JOYA, FREDDIE VILLAMOR; BUTCH TUAZON**
4.	**ESTRADA, JINGGOY**	**Doña Señora RUBY CHAN TUAZON**
5.	**ESTRADA, LOI**	**LYN AND MATT RANILLO, BUTCH TUAZON, TET DE JOYA**
		PAULINE LABAYEN
6.	**HONASAN, GRINGO**	**ATTY. "DANNY" (Office of Senator Honasan)**
7.	**JAWORSKI, ROBERT**	**DUDUT JAWORSKI - prior to his election as Congressman**
		TET DE JOYA
8.	**LAPID, LITO**	**ZENAIDA DUCUT**
9.	**LEGARDA, LOREN**	**CATHERINE MAE "Ma'am Maya" CANLAS SANTOS**
10.	**MAGSAYSAY, RAMON**	**PATRICIA "Gay" AGANA TAN**
		BIBING AGANA VILLACORTA
		ATTY. YACKY AGANA
11.	**MARCOS, FERDINAND JR.**	**CATHERINE MAE "Ma'am Maya" CANLAS SANTOS**
12.	**ORETA, TESSIE AQUINO**	**CARLOS 'Caloy' REYES (Liason of Sen. Tessie Oreta)**
13.	**PIMENTEL, AQUILINO**	**MON ARCENAS**
14.	**PIMENTEL, KOKO**	**JEWEL PIMENTEL and**
		LUIS 'Louie' CRUZ
15.	**REVILLA, RAMON JR.**	**RICHARD CAMBE**
16.	**SOTTO, VICENTE**	**JENIFFER "Jen" CORPUZ**
17.	**VILLAR, CYNTHIA**	**ARMAN PADILLA (Minority Block)**
18.	**VILLAR, MANNY**	**JUN ADRIANO**

(CAMPAIGN FUNDS ONLY)

	VILLAR, MANNY	**JUN ADRIANO**
19.	**CAYETANO, ALLAN PETER**	**NO AGENT**
20.	**ESCUDERO, FRANCIS CHIZ**	**NO AGENT**

1. ABAD, FLORENCIO	MANUEL JARMIN
2. AGARAO, BENJAMIN	CATHERINE MAE "Ma'am Maya" CANLAS SANTOS
3. ALBANO, RODOLFO	CLAVEL MARTINEZ
4. AMATONG, PROSPERO	HON. CLAVEL MARTINEZ
5. ANGARA-Castillo, Bellaflor	ARMAN PADILLA (Minority Block)
6. ARROYO, IGGY	CARLOS "Butch" TUAZON
7. ARROYO, MIKEY	CARLOS "Butch" TUAZON
8. BAGATSING, AMADO	MINA NIEVA
9. BANAAG, LEOVIGILDO	--
10 BATERINA, SALACNIB	RUTH ALLEN RUSTE
11 BERATIO, NAPOLEON	--
12 BIAZON, RUFFY	BERNARD
13 CAGAS, MARC DOUGLAS	ZENNY DUCUT
14 CHAVEZ, LEONILA	CORA GONZALES
15 CHIONGBIAN, ERWIN	RUTH ALLEN RUSTE
	BEBOT LAYUG
16 CHIPECO, JOAQUIN	ARMAN PADILLA
17 CUENCO, ANTONIO	MARGIE TAHON
18 DANGWA, SAMUEL	CARLOS LOZADA
19 DEFENSOR, MATIAS	MAITE DEFENSOR
20 DEL MAR, RAUL	CLAVEL MARTINEZ
21 DILANGALEN, DIGADEN	--
22 DIMAPORO, ABDULLAH	ZENY DUCUT
23 DUCUT, ZENAIDA	--
24 ECLEO, GLENDA	PATRICIA "Gay" AGANA TAN
	BIBING AGANA VILLACORTA
	ATTY. YACKY AGANA
25 EMANO, Yevgeny VICENTE	CHERYL "Cheche" YARRA
26 ESPINOSA, EDGAR	NO AGENT
27 ESTRELLA, CONRAD III	DEXTER MANALO
28 ESTRELLA, REYMUND	DEXTER MANALO
29 FABIAN, ERICO	RUTH ALLEN RUSTE
30 FALCON, JESNAR	LEOVIGILDO, BANAAG
31 FALCON, PETER	LEOVIGILDO, BANAAG
32 FLORES, FLORENCIO	--
33 FUENTEBELLA, ARNULFO	ZENNY DUCUT
34 GULLAS, GERALD	CHERYL "Cheche" YARRA
35 JOAQUIN, ULIRAN	ALICE NAVALES VILLANUEVA
36 JARAULA, CONSTANTINO	NO AGENT
37 LAGDAMEO, ANTONIO JR.	LUIS 'LOUIE' CRUZ
38 LANETE, RIZALINA SEACHON	--
39 LANETE, SCOTT DAVIES	--
40 LIBANAN, MARCELINO	CATHERINE MAE "Ma'am Maya" CANLAS SANTOS
41 MACARAMBON, BENASING JR.	--
42 MADAMBA, SUNNY ROSE	JOHNNY ROXAS
43 MAGSAYSAY, EULOGIO	WIFE
44 MALANYAON, CORAZON	BOMBIT DELA PEÑA

45 MALAPITAN, OSCAR	--
46 MARTINEZ, CLAVEL	--
47 MERCADO, ROGER	--
48 MIRAFLORES, FLORENCIO	ZENNY DUCUT
49 MIRANDA, ANTHONY	MICKY ARROYO
50 MONTEJO, NEIL BENEDICT	MARIA CRISTINA "C3" TUANO
51 NIEVA, ERNESTO "Banzai"	MINA NIEVA, Daughter
52 OLAÑO, ARREL	--
53 ORTEGA, MANUEL	ZENNY DUCUT
	CLAVEL MARTINEZ
54 ORTEGA, VICTOR	ZENNY DUCUT
55 PABLO, ERNESTO	JOHNNY ROXAS
56 PADILLA, CARLOS	ARMAN PADILLA (Minority Block)
57 PANGANDAMAN, HUSSEIN	--
58 PANGANDAMAN, NASSER	--
59 PICHAY, PROSPERO	ZENY DUCUT
60 PINGGOY, ARTHUR	--
61 PLAZA, RODOLFO	--
62 RAMIRO, HERMINIA	ALICE NAVALES-VILLANUEVA
63 REAL, ISIDRO	PATRICIA "Gay" AGANA TAN
	BIBING AGANA VILLACORTA
	ATTY. YACKY AGANA
64 REMULLA, GILBERT	TET DE JOYA
65 RODRIGUEZ, MAXIMO	NO AGENT
66 RODRIGUEZ, OCA	--
67 RODRIGUEZ, RUFUS	MAX RODRIGUEZ
68 ROMUALDO, JURDIN JESUS	MAITE DEFENSOR
69 ROMUALDO, PEDRO	JURDIN JESUS ROMUALDO
70 SANDOVAL, RICKY	TET DE JOYA
71 SANDOVAL, VICENTE	TET DE JOYA
72 SANTIAGO, JOSEPH	JULIE UNICO
73 SOLIS, JOSE	CORA GONZALES, former DA-NAFC employee
74 SUPLICO, ROLEX	ARMAN PADILLA (Minority Block)
75 TULAGAN, GENEROSO	RAFAEL NANTES
76 UMALI, ALFONSO 'Boy"	CORA GONZALES
77 UMALI, AURELIO "Oyi"	MAITE DEFENSOR
78 UMALI, REYNALDO	NO AGENT
79 UNGAB, ISIDRO	MARIA CRISTINA "C3" TUANO
80 UNICO, RENATO	JULIE UNICO
81 VALDEZ, EDGAR	--
82 VALENCIA, RODOLFO	CELIA CUASAY
83 VELOSO, EDUARDO	ZENY DUCUT
84 VILLANUEVA, JOEL	MAITE DEFENSOR
85 YUMUL-HERMIDA, Georgilu	ARMAN PADILLA (Minority Block)
86 ZAMORA, MANUEL "Way Kurat"	ARMAN PADILLA (Minority Block)

87.	ALVARADO, WILHEMINO	NO AGENT
88.	CORTUNA, JULIETA	NO AGENT
89.	DAZA, NANETTE COSTELLO	BOBBY (BROTHER OF CONGRESSWOMAN)
90.	ECHEVERRI, RECOM	TET DE JOYA
91.	LAPUZ, JESLI	MON ARCENAS
92.	MONFORT, NARCISO	CLAVEL MARTINEZ
93.	NANTES, RAFAEL	NO AGENT
94.	NOGRALES, PROSPERO	NO AGENT
95.	PABLO, ERNESTO	JOHNNY ROXAS
96.	PLAZA, MARIA VALENTINA	CHRIS LINDO
97.	ROMAN, ANTONIO	RUTH ALLEN RUSTE (a)
98.	ROMUALDO, JURDIN JESUS	MAITE DEFENSOR
99.	SAN LUIS, RODOLFO	ARMAN PADILLA
100.	ZIALCITA, EDUARDO	NO AGENT

AGENCIES

DA – Department of Agriculture

1. OFELIA AGAWIN
2. ALAN UMALI
3. PROCESSO ALCALA
4. JIMMY PATOCABE

Isa ang Department of Agriculture (DA) sa shopping list ng Department of Budget and Management (DBM) na puedeng paglagyan ng mga mambabatas ng kanilang PDAF. Dito rin naire-request kung paano at kung saan iniimplement ang proyekto. Nagsisimula ang proyekto sa pagdating ng SARO sa Finance Department ng Ahensya. Dito pina-follow up sa opisina ni Ofelia Agawin at kinokonfirm kung totoo nga ang SARO na dumating bago gawan ng kinaukulang dokumento. Pagkatapos pumasa sa accreditation ang foundation, bago pa lang sinisimulan ang pagpapatakbo ng papel pag maayos na ang lahat, tsaka pa lang pumipirma si Sec. Alcala. May mga pagkakataon na wala si Sec. Alcala, si Asec Allan Umali ang pumipirma ng MOA at tseke bago matransfer sa RFU, LGU, o NAFCI. At doon kami nagdedeliver. Sa NAFCI si Jimmy Batocabe ang humihingi ng 2% sa bawat transaksyon na dumadaan sa kanya.

NABCOR

1. JAVELLANA, ALLAN
2. MENDOZA, RHODORA

Testimony found in the first *affidavit executed on May 12, 2014*

DAR

3. NIETO, NARCISO
4. PANLILIO, TERESITA

DOTC

5. Sec. MENDOZA
6. VENANCIO, SANTIDAD
7. MAGLANQUE, RENE

NLDC

8. SEVIDAL, ALEXIS

Testimony found in the first *affidavit executed on May 12, 2014*

TRC

9. ORTIZ, ANTONIO

Testimony found in the first *affidavit executed on May 12, 2014*

10. CUNANAN, DENNIS

Testimony found in the first *affidavit executed on May 12, 2014*

16. Akin din sinalaysay ang aking naaalaala na **transaksyon** ng mga senador, kongresista, at kanilang mga agents at ang mga opisyales o kawani ng Implementing Agencies. Ito ay aking inalala ayon sa mga ahente na lumapit sa akin at nag-alok ng mga proyekto ng mga mambabatas at humingi ng rebate at komisyon para sa mga proyekto. Ang sumusunod ay ang mga pangalan ng mga ahente at ang mga mambabatas na kanilang kinatawan:

A. **AGENT: RUTH ALLEN RUSTE**

COMMISSION: 10%

Nakilala ni Niel Tan si Allen Ruste na staff ni Congressman Erico Fabian. Si Allen Ruste ay naging Chief-of-Staff ng dating Congresswoman Maria Clara Lobregat, Congressman Erico Fabian at ng kasalukuyang Congresswoman Lilia Macrohon Nuno ng Zamboanga City. Siya ang nagahente kay Cong. Baterina, Cong. Chionbian, Cong. Fabian at Cong. Roman.

1. BATERINA, SALACNIB

REBATE: 30%

Ruth Allen Ruste ang naging agent ni Cong. Baterina sa unang project na inimplement sa DOTC noong 2004 na may halagang 5M. Noong 2005, si Allen Ruste kasama ni Shirley Horilleno (staff of Congressman Macarambong) ang humingi ng rebate nang makuha nila ang MOA mula kay Cong. Baterina. Si Allen madalas nakakakuha ng 10% rebate.

2. CHIONGBIAN, ERWIN

OTHER AGENT: *BEBOT LAYUG* (10% commission)

REBATE: 30%

Pinakilala ni Allen Ruste kay Niel Tan si Bebot Layug kaya may komisyon si Bebot sa bawat transaksyon na 10%, si Allen Ruste 5%. Yung mga project ni Cong. Chiongbian sa TLRC inimplement ang naalala ko may 8M pesos na project at 10M pesos. Meron din sa NABCOR na 15M. Mayroon pa sa DILG naimplement di ko lang maalala magkano yung project.

3. FABIAN, ERICO

REBATE: 40%

Nakapagimplement kami dati sa DOTC ng 5M pesos na project. Tapos nasundan yun ng project sa Department of Agriculture na 9M. Meron din project sa Department of Agriculture na 5M noong 2005. Sa DEP-ED naman may 5M na project din dati. Kapag kumukuha ng pera si Allen ng 10% commission niya madalas sa opisina o kaya sa Starbucks, Podium.

4. ROMAN, ANTONIO

May project sa DA-NAFC para sa member ng Commission on Appointments (CA) noong 2005. Meron kinuha sila Allen Ruste at Mayor Payumo noon na 1.75M pesos na commission. Inabot yung cash advance kay Mayor Payumo at Allen Ruste sa Katipunan noong tao ko. Tapos yung kay Allen Ruste dineposit sa account niya na Metrobank noong February 24, 2005 (250,000 pesos); March 9, 2005 (100,000 pesos); March 22, 2005 (100,000 pesos) tapos sa RCBC noong March 31, 2005 (50,000 pesos). Pero hindi natuloy itong project na ito

kasi binenta din nila sa iba. Kinuwa lang nila yung cash advance.

B. **AGENT: ALICE NAVALES-VILLANUEVA**

Siya ang may-ari ng AM Euro-Pharm, Star Anvil at Anvil Trading. Nag-aahente siya at nagfifinance para sa mga proyekto ng mga mambabatas. Mas matagal na siya sa ganitong negosyo kesa sa akin.

1. JOAQUIN, ULIRAN

Nagkaproyekto sa Department of Agriculture na inahente ni Alice Villanueva. Si Alice ang humingi at kumuwa ng rebate para kay Cong. Joaquin.

2. RAMIRO, HERMINIA

Nag-implement ng proyekto sa DA and DOTC. Si Alice Villanueva ang nagpakilala sa akin kay Cong. Ramiro kasi kliyente din nila sa gamot. Si Alice ang humingi at kumuwa ng rebate para kay Cong. Ramiro.

C. **ATTY. "DANNY"** (STAFF IN THE OFFICE OF SENATOR HONASAN)

1. HONASAN, GRINGO

Hindi ko kilala o nakausap si Sen. Gringo Honasan. Tanging si Atty. "Danny" ang kumuwa ng 3,750,000 para isang project.

D. **ARMAN PADILLA**

2004 DOTC Project of Congress MINORITY Block

AGENCY IMPLEMENTED: DOTC

PROJECT: 3, 740, 000 project for delivery of computer noong 2004

Ako ang pinagdeliver ni Arman Padilla nung project ng minority block na inimplement sa DOTC. Siya ang nagfacilitate ng lahat ng papers at nagpapapirma sa mga Congressman at nagdala sa DOTC ng papeles. Ako lang nagdeliver ng produkto. Siya din kumuwa ng rebate na 30% para sa mga Congressman ng minority block.

Yung mga nakatransaksyon ko sa minority block sa Congress na inimplement sa DOTC ng computer ang mga sumusunod:

1. **PADILLA, CARLOS**
2. **ZAMORA, MANUEL "WAY KURAT"**
3. **ANGARA-CASTILLO, BELLAFLOR**
4. **CHIPECO, JOAQUIN**
5. **VILLAR, CYNTHIA**
6. **YUMUL-HERMINDA, GEORGILU**
7. **SAN LUIS, RODOLFO**
8. **SUPLICO, ROLEX**

E. **BERNARD**

1. BIAZON, RODOLFO

Si Bernard na staff ni Cong. Biazon ang nagpunta sa amin at nagdala ng pondo ni Cong. Biazon na inimplement sa NLDC.

2. BIAZON, RUFFY

Si Bernard na staff ni Cong. Biazon ang nagpunta sa amin at nagdala ni pondo ng Cong. Biazon na inimplement sa TRC.

F. **BOMBIT DELA PENA**

1. MALANYAON, CORAZON

Pinakilala siya sa akin ni Bombit Dela Pena. Nagkaproject kami noon mga 2003.

G. **BOBBY** (BROTHER OF CONGRESSWOMAN)

1. DAZA, NANETTE COSTELLO

Pumunta si Congresswoman Nanette Daza noon sa opisina at nangakong magbibigay ng proyekto. Nagcash-advance siya ng 3 million pesos. Natandaan ko pa nga na noong panahon na iyon merong *Nanette Daza Cup tournament* at humingi pa siya ng Lechon Baka. Pinabalik niya ang kanyang kapatid na si Bobby at humihingi ulit ng cash advance. Binigyan ko siya ng cheke (BPI Podium) na pinangalan sa kanyang kapatid. Nguni't ng magiimplement na sa proyekto na kanilang binigay, nalaman ko na binenta din nila sa ibang supplier na kagaya ko yung parehong proyekto. Hanggang matapos ang kanyang termino wala ng nangyari.

H. MANUEL JARMIN

1. ABAD, FLORENCIO

Nagkakilala kami ni Congressman Florencio Abad dahil kay Mr. Manuel Jarmin. Nagkita kami sa isang Japanese Restaurant sa Edsa Shangri-la Plaza hotel. Pinakita niya sa akin yung Special Allotment Release Order (SARO) tapos pinaliwanag niya sa akin para saan iyon. Binigyan ko siya ng 2M Pesos nung meeting na iyon. Noong lumabas ang Notice of Cash Allocation (NCA) binigyan ko siya ulit ng 2M Pesos doon sa Cravings, Katipunan. Noong pinagusapan namin ang implementasyon ng project, tinanong niya ako kung meron akong NGO or COOP. Nung sinabi ko na wala, sinabi niya sa akin na siya na daw ang bahala. Sa aking pagkakalala ginamit niya ang Batanes Electric Cooperative para implement ang proyekto. Kalaunan binalik niya sa akin ang 4M pesos na binigay ko sa kanya na may dagdag pa na Php 2M pesos.

I. CARLOS "BUTCH" TUAZON

1. ARROYO, IGNACIO

May project sa DOTC na nagkakahalagang 10 million. Yung rebate binigay kay Ruby at Butch Tuazon, naghati sila. 30% daw kay Iggy Arroyo tapos 10% kay Butch at 10% kay Ruby. Sa DA-NAFC naman may 5 million. Yung 50% rebate kinuha ni Butch sa opisina tapos nagfulldeliver kami pero yung agency 15% lang ang binayad sa amin. Yung natira na budget imbis na ibayad sa amin, inimplent ng ibang NGO/foundation dahil ibinenta ng kanyang chief-of-staff na si Bong Roado dun sa ibang NGO/foundation.

2. ARROYO, MIKEY

Kumuwa si Butch Tuazon ng 2.5 Million para sa 5M na project ibinigay ni Mikey Arroyo sa kanya sa DOTC inimplement yung project.

3. LOI ESTRADA

OTHER AGENTS: Ruby Tuazon; Tet De Joya; Alfredo Villamor

Dinalhan ako ng mga proyekto ni Ruby at Butch Tuason, Tet De Joya at Alfredo Villamor galing kay Senadora Loi Estrada. Inimplement sa Department of Agriculture – CARAGA. Maalala

kong nagissue pa ako ng tseke na ipinangalan kay BUTCH TUASON na nagkahalaga ng mahigit sa 8M.

K. CARLOS "CALOY" REYES

1. TESSI AQUINO-ORETA

Kinukuha ni Caloy Reyes ang rebate na 40% sa opisina dati. Madaming naimplement na project noon sa LGU, DA at marami pang iba. Hindi ko siya kilala o nakita. Ang kausap ko lang si Caloy Reyes hanggang napakilala sa akin si Brian Yamsuan.

L. CATHERINE MAE "MAYA" SANTOS

Sabi niya, siya daw ang chief-of-staff ni GMA nung senador siya hanggang naging vice-president. Naging chief-of-staff din siya ni Loren Legarda at ni Manny Villar. Noong naging president na si GMA, nagtrabaho siya sa Malacanang, Office of the President tapos naappoint siya sa Department of Agriculture-Admin and Finance bilang undersecretary. Siya din ay naging ASEC ng National Anti-Poverty Commission. Sa tagal ko syang nakilala madalas nya akong hinihingan ng pera bilang advance o minsan pang PR sa mga prospective na kliyente. May isang pagkakataon akong naalala na nanghingi sya ng limang milyong piso (Php 5,000,000.00) na kanyang ipinadeposit sa kanyang personal na Metrobank account.

May isang pagkakataon din nung sya ay nagtratranaho sa Department of Agriculure bilang Assistant Secreatary nagdala din sya sa akin ng SARO na nagkakahalagang isang daang milyong piso (Php 100,000,000.00) nanghingi sya ng limang milyon bilang paunang bayad dito. Ngunit ng sinisimulan ko ng iimplement sa agency ako ay nagulat ng sinabi nilang ang SARO na aking dala ay peke. Sinubukan kong kausapin si maya tungkol dito ngunit parati nyang sinabing tinakbuhan din daw sya ng kausap nya at kanya itong hahabulin.

1. LOREN LEGARDA (SENATOR)

Si "Maya" Santos ang nagahente para sa mga proyekto ni Loren Legarda na nagkakahala ng mahigit 24,000,000 pesos. Yung isang proyekto naman 50,000,000 at 5,000,000 na inimplement sa NLDC. 50% ng cost ng proyekto ang kinukuha ni Maya bilang rebate. Hindi ko alam magkano ang binibigay niya. Siya ang kausap ko dahil hindi ko naman nakilala si Senator Loren, siya lang ang nagalok, nagprocess ng mga papeles at nagpapapirma para sa proyekto. Sa aking estimate ang nakuha niya ay halos 39,500,000 para lamang sa mga proyektong ito.

2. FERDINAND MARCOS JR. (SENATOR)

Si Maya Santos ang naglapit sa akin ng mga proyekto galing sa opisina ni Senador. Hindi ko po direktang nakausap o nakilala si Senador Marcos. Ayon sa kanya sya ang inatasan na mamahala ng mga proyekto/pondo ng Senador. Hinihingan nya ako ng Limampung porsyento (50%) sa bawat pondong kanyang ibibigay sa akin. Minsan nyang sinabi na pinagiinitan sya ng mga tao sa opisina dahil nagdududa na sila na kumikita sya ng malaki sa mga pondong kanyang hawak. Matapos noon sya ay nagpatulong sa akin maghanap ng lupa na mabibili upang patayuan ng bahay. Umutang din sya sa akin ng pambayad sa contractor ng bahay dahil ayaw nya magkaroon ng trace sa kanya ang pagpapatayo ng bahay. Napagalaman ko na ang bahay at lupang kanyang pinapatayo ay kanyang ipinagalan sa kanyang anak. Maliban dito may mga nasabi din syang ibat-ibang ariarian tulad ng malawak na kalupaan sa tanay at bahay sa San Diego California na kanyang pinangalan sa kanyang anak.

3. AGARAO, BENJAMIN

5 Million proyekto ang inahente ni Maya Santos na pondo ni Cong. Benjamin Agarao. Di ko lang sigurado kung sa DA ba ito o DOTC inimplement. Kumuwa si Maya ng 1.6 million nung una, tapos 400,000 thousand, total of 2,000,000 ang kinuwa ni Maya kapalit ng project. Hindi ko alam magkano nakuha ni Congressman Agarao, depende na iyon sa usapan nila.

4. LIBANAN, MARCELINO

Noong panahon na icoconfirm si Secretary Domingo Panganiban bilang secretary ng Department of Agriculture nilapitan ako ni Maya Santos at sinabing maglalaan sila ng pondo para sa Commission on Appointments. Dinalhan nya ako sa opisina ng mga papeles na kailangan ng NGO upang maimplement ang proyekto. Matapos kong ipahanda ang mga ito ay isinoli ko sa kanya at sya ay kumuha ng 50% na halaga ng proyekto sa akin. Makalipas ang ilang lingo ako ay kanyang binalikan at sinabing ihanda ang mga produkto upang kanya itong ipadala sa sa mga mambabatas. Matapos kong ibigay sa kanya ang produkto inatasan nya ako na mag papunta ng tao sa Department of Agriculture upang kunin ang tseke.

M. **CELIA CUASAY**

1. **VALENCIA, RODOLFO**

2 Million NABCOR at TRC na project.

N. **CHRIS LINDO**

1. PLAZA, MARIA VALENTINA

Kinausap ako ni Chris Lindo na may pondo para sa proyekto kaya humingi siya ng advance na 30% ng 15M. Kaya lang hindi naman natuloy yung proyekto tapos hindi na kami nagusap. Hindi ko kilala si Maria Valentina Plaza.

O. **CHERYL "CHE-CHE" YARRA**

1. **EMANO, VICENTE "YEVGENY"**

Noong 2012, may project na mahigit 14M pesos. Binigay yung rebate kay Che-che na mga mahigit 7M. Nagdeliver kami sa Cagayan de Oro.

2. **GULLAS, GERALD**

5M na project na inimplement sa Minglanilla, Cebu (LGU). Binigay yung rebate kay Che-che na mga mahigit 2.5M.

P. **CLAVEL MARTINEZ**

2004 Commission on Appointments-DA

AGENCY IMPLEMENTED: DA-NAFC

PROJECT: 5 M project for agricultural product

Ang mga nagkaproyekto sa 2004 CA-DA ay ang mga sumusunod:

1. **DEL MAR, RAUL**
2. **AMATONG, PROSPERO**
3. **ALBANO, RODOLFO**
4. **MARTINEZ, CLAVEL**
5. **ORTEGA, MANUEL**

Pumunta si Congresswoman Clavel Martinez sa opisina ko sa Discovery para kunin ang pera na nakalaan para sa Commission on Appointments sa Department of Agriculture. Nagahente din sya sa ibang mga pulitiko na kasama nya sa Commission on Appointments ng panahong ito. Ang mga proyekto na ito ay inimplement sa DA – NAFC.

6. **MONFORT, NARCISO**

Nagbigay ako ng advance na dalawang milyong piso sa pondo sa Comission on Appointments ni Congresman Monfort kay Congresswoman Martinez ngunit iba ang nag implement ng project na ito.

Q. **CORA GONZALES** (Former DA-NAFC Employee)

Naging staff siya ni Cong. Chavez ng Butil party-list.

1. **SOLIS, JOSE**

Naalala ko noong 2004 ng September kumuwa si Cora Gonzales sa akin para kay Cong. Solis mga 1,750,000 pesos para sa isang project sa DA na 10 million nguni't hindi naman natuloy yung project kasi sa iba na nila ibinigay. Hindi naman niya binalik yung cash advance.

2. **CHAVEZ, LEONILA**

May proyekto noon sa DA-NAFC na inahente ni Cora. Kumuwa siya ng 50% na commission. Hindi ko alam magkano ang hatian nila.

3. **UMALI, ALFONSO "BOY"**

Sa pamamagitan ni Cora Gonzales, nagkaproject ako kay Cong. Umali noon na inimplement sa DA.

R. **CARLOS LOZADA**

1. **DANGWA, SAMUEL**

Testimony found in the first *affidavit executed on May 12, 2014*

S. **DEXTER MANALO**

Empleyado ni Cong. Conrad Estrella.

1. **ESTRELLA, CONRAD III**

May mga proyekto gamit ang pondo ni Cong. Robert Estrella na inimplement sa DA, DOTC at TLRC ng iba-ibang taon na nagsimula ng 2004. Kalimitan ang pumupunta sa opisina ay si Dexter Manalo.

2. **ESTRELLA, ROBERT REYMUND**

May mga proyekto gamit ang pondo ni Cong. Robert Estrella na inimplement sa NABCOR at NLDC noong mga 2008 at 2009. Kalimitan nagpapaunta ako ng tao sa opisina nya sa kongresso tuwing meron syang pondo na itinatawag sa akin.

T. **JENNIFER "JEN" CORPUZ**

Dating empleyado ni Senador Jinggoy Estrada at nagtayo ng sariling PR firm pagalis nya dito ayon sa kanya. Kasalukuyan syang PR ni Senator Sotto. Ayon sa kanya ito ang dahilan kung bakit sya ay nakakakuha ng pondo dito.

1. **SOTTO, VICENTE**

200M – DAR Reform

Bago siya tumakbong senador nagdala si Jen Corpuz ng SARO worth 200 million pesos para sa Department of Agrarian Reform (DAR). Kinuha ni Jen Corpuz ang rebate sa aking opisina na nagkakahalagang umabot ng Isang Daang Milyong Piso (Php 100,000,000.00).

50,000,000.00 – NLDC 2010
50,000,000.00 – NLDC 2010
25,000,000.00 – NLDC 2010
25,000,000.00 – NLDC 2011
20,000,000.00 – NLDC 2011
50,000,000.00 – NLDC 2011
35,000,000.00 – NLDC 2012

Sa lahat ng transaksyong ito ang tanging kausap ko lang ay si Jeniffer Corpuz. Sya ang kumukuha ng mga dokumento sa aking opisina na kailangan ng implementing agency upang papirmahan sa senador. Sya din ang kumukuha ng pera mula sa aking opisina at minsan kanyang pinapahatid sa kanyang nail salon sa Wilson St. San Juan. Minsan nya rin akong hiningian ng isang HYUNDAI STAREX na ang sabi nya ay ibibigay sa kaarawan ng maybahay ni Senador Sotto. Sa lahat ng pondo na kanyang dinadala sa akin sya ay humihingi ng apatnapung (40%) porsiyento para kay Senador Sotto at sampung (10%) porsiyento naman para sa kanyang sarili. Bukod sa kayang porsiyento sa mga pondong kanyang dinadala mayroon din syang Cash Advance sa akin na nagkakahalagang Limang Milyong Piso (Php 5,000,000.00)

U. **JOHNNY ROXAS**

Dating staff ni Cong. Romero. Kumukuha ng 10% komisyon sa mga proyekto na naialok niya. Nag-aahente din siya sa iba kapag hard project sa iba niya binibigay. Humiram siya ng CR-V na may plaka na *WES 643* sa akin na hindi niya binalik at nailipat na niya sa pangalan niya na hindi namin alam paano niya nagawa.

1. **MADAMBA, SUNNY ROSE**

Matagal na yung project kay Cong. Madamba kasi noong mga 2003 pa iyon. Si Johnny ang nag-alok at kumuwa ng rebate para kay Cong. Madamba.

2. **PABLO, ERNESTO**

Si Jhonny Roxas ang nag-ayos ng proyekto para sa pagamit ng pondo ni Cong. Ernesto Pablo. Ang naalala kong natuloy ay DA-RFU na 8,000,000 pesos at 5,000,000 pesos. Kumuwa si Jhonny ng 50% rebate para sa mga proyekto na nabangit.

V. **JUN ADRIANO**

1. **VILLAR, MANNY**

Pinakilala ni Rene Maglanque si Jun Adriano para sa project nila sa DOTC na inahente nila sa akin. Si Jun naman pinakilala ako kay Sen. Manny Villar. Nagbigay ako din ako kay Sen. Villar ng pera para sa eleksyon dahil hiningi nila. Nagkita kami sa Shaw Boulevard.

Y. **JURDIN JESUS ROMUALDO**

Ang mga project ko kay JJ Romualdo ay 10M sa DA RFU X, 5M sa DA NAFC galing sa pondo para sa Commission on Appointments, DOTC galing din sa pondo na kanilang nilaan para sa Commission on Appointments. Ang kanyang hinihinging rebate at 50% ng project. Maliban sa pera sya din ay kumukuha ng aking mga personal na sasakyan at kanya itong kinokinsiderang bonus tulad ng ford expedition na may plakang JGN 999 at Toyota Camry.

1. **ROMUALDO, PEDRO**

Inahente ni Cong. JJ Romulado yung project 5 M pesos sa Department of Agriculture noong governor pa ang tatay niya.

Z. **LOUIE CRUZ**

1. **LAGDAMEO, ANTONIO SR.**

Si Louie Cruz ang kumuwa ng rebate na 50%. Di ko nakita o nakausap si Cong. Lagdameo.

2. **PIMENTEL, KOKO**

Other Agent: Jewel Pimentel

Binigay ni Louie Cruz yung pera kay Jewel Pimentel na 4M advance para sa project na 10 million.

AA. **LUCILA "GIGI" REYES**

Testimony found in the first *affidavit executed on May 12, 2014*

1. **ENRILE, JUAN PONCE**

Testimony found in the first *affidavit executed on May 12, 2014*

BB. **MAITE DEFENSOR**

1. **VILLANUEVA, JOEL**

Yung mga proyektong naalala ko NABCOR na 3 million pesos, DA-CA na 5M at TLRC na 1.3M at 3M noong 2008. Si Maite Defensor ang kausap ko at siya ang kumukuha ng commission.

2. **DEFENSOR, MATIAS**

40% commission ang hiningi at natangap ni Matias Defensor para kay Cong. Matias Defensor para sa mga proyekto na DOTC 10 million pesos at Dep-ED NCR na 10 million pesos na project.

3. **UMALI, AURELIO "OYI"**

Sa pamamagitan ni Maite Defensor nagkaproyekto gamit ang pondo ni Cong. Umali sa DOTC na 12 million at 10 million sa DA. Si Maite Defensor ang kumuwa ng commission.

4. **ROMULADO, JURDIN JESUS**

Kumuha si Maite sa akin ng advance na 1M para kay JJ Romualdo ngunit di ito natuloy ng tanungin ko sa Maite sabi nya kinuha ni JJ ang pera at di na binalik kahit na wala ng project.

CC. **MARGIE TAHON**

Siya ay nominee ng *1-Ako Babaeng Astig Aasenso* party-list.

1. **CUENCO, ANTONIO**

Hindi ko nakausap si Antonio Cuenco yung ahente lang na si Margie Tahon at James Cuenco. Ang kinuwa nilang commission 5% kay Margie Tahon at 5% din kay James Cuenco. Ang kinuwa nilang rebate naman para kay Cong. Cuenco sa office 50% ng project cost.

DD. **MARIA CRISTINA "C3" TUANO**

Chief-of-staff ni Cong. Ungab.

1. **MONTEJO, NEIL BENEDICT**

Itinawag sa akin ni C3 na mayroon siyang nakausap na isang congressman na gustong magbigay ng pondo. Pinaabot ko sa kanya ang 50% ng project cost na inimplement sa DA – OSEC (9.2M) at sa DA – NAFC (5M). Ang delivery ng 9.2M ay hinati sa dalawang munisipyo sa leyte habang ang 5m naman ay dineliver sa isang munisipyo lang.

2. **UNGAB, ISIDRO**

5M, 8M at 3M na proyekto sa Department of Agriculture. Dineliver sa Davao. Si C3 ang kumuwa ng rebate na 50% ng proyekto.

EE. **MINA NIEVA**

Anak siya ni Cong. Ernesto Nieva.

1. **NIEVA, ERNESTO "BANZAI"**

Sa DOTC nagimplement ng proyekto. Si Mina Nieva ang kumuha ng rebate para sa kanyang ama na 40% ng project cost.

2. **BAGATSING, AMADO**

Si Mina Nieva ang kumuha ng rebate para dun sa project na inimplement sa TRC noong mga 2007.

FF. **MON ARCENAS**

1. **PIMENTEL, AQUILINO (SENATOR)**

Hindi ko siya kilala personal at si Mon Arcenas lang ang kausap ko. Siya ang nagdala ng SARO, nagpapapirma ng papel at kumuha ng rebate para sa proyekto. Ang naalala ko na proyekto yung inimplement sa mga LGU noong 2003, mga 14M pesos. Si Mon ang kumuha ng rebate na 45%.

2. **LAPUZ, JESLI**

Kumuwa ng advance sina Mon Arcenas at kapatid ni Jesli Lapuz para sa project na gagamitin daw ang pondo ni Cong. Jesli Lapuz. Hindi natuloy ang project at hindi na din nila binalik ang kinuwa nilang advance.

GG. **LEOVIGILDO BANAAG**

1. **FALCON, JESNAR**
   Sa aking pagkakaalala ang tanging naging project ko kay Congressman Jesnar Falcon ay 5M noong 2003 o 2004.

2. **FALCON, PETER**

   Sa aking pagkakaalala ang mga project ni Congressman Peter Falcon ay naimplmenet sa DA RFU Caraga.

HH. **PATRICIA "GAY" AGANA TAN, BIBING VILLACORTA, ATTY. YACKY AGANA**

May ari ng First United Allied Inc. na may mga kontrata sa DPWH at DOTC. Sya rin ang may ari ng R.H Lopez Trading na kasangkot sa 1B Ghost Project DOTC/COASTGUARD project taong 2010. Sya din ang gumagamit ng Pangkabuhayan Foundation na kabilang naman sa katiwalian sa ZREC. Ito ay napatunayan ko sa mga ebidensya na ibinigay ng AMLC dahil ang pera na mula sa Pangkabuhyan Foundation na galing sa ZREC ay pumasok sa personal na account ni Patricia Agana Tan. Minsan ko na syang tinanong kung bakit nya sakin dinadaan ang mga pondo na kanyang nakukuha at kanyang naikwento na dati na silang nagkaproblema sa paggamit ng NGO ng makasuhan ang kanyang ina na dating Kongresista sa Bohol.

1. **MAGSAYSAY, RAMON**

Pumunta si Gay Agana Tan sa akin para kumuwa ng cash advance na 50% ng proyekto na iimplement sa DA-NAFC.

2. **ECLEO, GLENDA**

Yung proyekto naming inimplement sa DA-NAFC. Grupo nila Gay, Bibing Villacorta at Atty. Yacky ang kumuwa ng rebate para sa congresswoman. May kinuwa din silang rebate isang beses na kasama si Jade Ecleo.

3. **REAL, ISIDRO**

Grupo din nila Patricia "Gay" Agana Tan, Bibing Villacorta at Atty. Yacky ang nagpakilala at nagprocess ng papeles para sa proyekto gamit ang pondo ni Cong. Real na inimplement sa TLRC noong 2007 na 5 million pesos. Meron din sa DA Region 9 na naimplement. Natatandaan ko pa na nag issue ako ng tseke na naka pangalan kay Patricia Tan gamit ang aking Metrobank Account na tseke para kay Congressman Real.

II. **PAULINE LABAYEN**

Testimony found in the first *affidavit executed on May 12, 2014*

1. **ESTRADA, JINGGOY**

Testimony found in the first *affidavit executed on May 12, 2014*

JJ. **RAFAEL NANTES**

1. **TULAGAN, GENEROSO**

Pinakilala ni Rafael Nantes sa akin si Cong. Generoso Tulagan. Nagimplement kami sa DA.

KK. **RICHARD CAMBE**

1. **REVILLA, RAMON JR.**

Testimony found in the first *affidavit executed on May 12, 2014*

LL. **RUBY CHAN TUAZON**

Testimony found in the first *affidavit executed on May 12, 2014*

1. **ESTRADA, JINGGOY**

Testimony found in the first *affidavit executed on May 12, 2014*

2. **ENRILE, JUAN PONCE**

Testimony found in the first *affidavit executed on May 12, 2014*

MM. **TET DE JOYA**

Nagadvance siya ng isang Camry at CR-V noong taong 2002 pero di naman siya nagbigay ng proyekto na pagkatapos niya natangap yung mga kotse na iyon kasi nagproyekto na sila ni Patricia Agana Tan at Baby Villanueva.

1. **REMULLA, GILBERT**